

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 3 Blg.2

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Marso-Abril 2015

## Mga magsasakang-maggagatas, *agency-partners*, *co-op*, piling mga kalabaw, pinarangalan ng PCC

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Pinarangalan ng Philippine Carabao Center (PCC) ang mga piling magsasakang-maggagatas, kooperatiba, at “agency-partners” dahil sa ipinamalas nilang katangi-tanging gawain nitong nakaraang taon.

Kasama ring pinarangalan ang ilang piling mga kalabaw dahil sa pambihirang katangian ng mga ito.

Ang pagpaparangal ay isinagawa kaugnay ng pagdiriwang ng ahensiya sa ika-22 taon nitong pagkakatatag.

Tinanghal na mga pangunahing magsasakang-maggagatas sina Roderick Tallar at Carlito Alfonso na mga kasapi ng kooperatiba ng magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

Si Tallar, na miyembro ng PAO Producers Cooperative mula sa Lupao, Nueva Ecija, ay ginawaran ng parangal na ‘Best Dairy Buffalo Farmer’ sa kategoryang *family module*. Siya’y nagtamo ng parangal dahil sa ipinakitang katangi-tanging sikap at tiyaga sa pag-aalaga ng kalabaw kasama ang buong pamilya na kinabilangan ni Gng. Shirley at tatlong anak na sina Gian Carlo, John Michael at Jheron.

“Bagama’t hindi ko po inaasahan ito, ako at ang aking buong pamilya ay lubos na nagagalak sa gantimpalang aming

(sundan sa p.2)



Ang mga miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa Brgy. Sibut, San Jose City. Sila ang pinarangalang “Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative” ng PCC sa ika-22 taon nitong anibersaryo ng pagkakatatag.

## Target sa 2016 na 2M litrong produksyon ng gatas ng kalabaw sa N. Ecija, inayunan

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Nilagdaan kamakailan ng mga magsasakang-maggagatas, nagpoproseso ng gatas, mga negosyante, mga tagapagbigay ng serbisyo at mga produkto, lokal at pambansang pamahalaan o ahensiya, ang isang kasunduan na gumagarantiya sa produksiyon ng dalawang milyong litro ng gatas ng kalabaw sa Nueva Ecija sa taong 2016.

Isinagawa ang paglagda sa kasunduan noong nakaraang Marso 27 kasabay ng pagdiriwang sa ika-22 anibersaryo ng Philippine Carabao Center (PCC).

(sundan sa p.3)

## Mga isyu, problema ng mga maggagatas tinalakay sa pagpupulong na ipinatawag ni DA Sec. Alcala

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Maayos na datos at ulat, *focus* ng mga dapat na isagawa, at tiyakang *target* ng mga dapat na isagawa.

Ito ang pangunahing mungkahing binigyang-diin ni Kalihim Proceso J. Alcala ng Agrikultura upang anya’y magkaroon ng ganap na sigla ang mga magsasakang-maggagatas sa pagsusulong ng Carabao-Based Enterprise Development sa ilalim ng Carabao Development Program.

Ininatinig ni Alcala ang kanyang mungkahi sa pakikipagharap niya sa mga opisyal ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) at mga pinuno ng iba’t-ibang *dairy cooperatives* sa lalawigan kamakailan sa kanyang tanggapan.

Ang pakikipagharap niya sa mga nasabing mga opisyal ay bunsod ng

naging resulta ng una niyang pakikipag-usap sa ilang mga opisyal ng NEFEDCCO at mga magsasakang-maggagatas na sinusupportahan ng Philippine Carabao Center (PCC) nang siya’y dumalaw sa PCC headquarters nitong nakaraang Marso 20. Siya noon ang naging pangunahing tagapagsalita sa mga aktibidades na isinagawa ng PCC nang araw na iyon sa pagsisimula ng pagdiriwang nito ng ika-22 taong kaarawan ng pagkakatatag.

“Alam kong marami kayong isyu at mga problema ukol sa gawain sa pagpaparami ng gatasang kalabaw at sa mga industriyang ibinubunsod nito. Ang dapat ay pagsama-samahin natin ang mga isyu at problema at hanapin natin ang mga tiyakang katugunan,” ani Kalihim Alcala

(sundan sa p.3)

## Tanong at Sagot

### Mga dapat malaman sa “heat stroke” sa kalabaw

Tinipon nina Jenny Lyn C. Quimpo at Cyril P. Baltazar

#### Tanong: Ano ang “heat stroke” sa kalabaw?

Sagot: Ang “heat stroke” sa kalabaw ay isang uri ng kundisyon na nagdudulot ng pamumula at di wastong paggana ng mga bahagi ng katawan ng ating mga alaga. Sa pag-atake ng “heat stroke” ay nasisira ang selula (*cells*) sa katawan ng ating mga alagang hayop. Ito ang kundisyon na maaaring maging sanhi ng kamatayan ng alagang kalabaw. Ito’y dahil sa pagtaas ng temperatura na bunga ng matinding sikat ng araw.

#### Tanong: Ano ba ang palatandaan na ang kalabaw ay nakararanas ng “heat stroke”?

Sagot: Sa “heat stroke”, ang kalabaw ay makikitaan ng mga sintomas na tulad ng:

- mabilis na paghinga
- dilat na mata
- paglalaway
- pasuray-suray o hindi paglakad ng direktso
- panghihina ng kanilang katawan
- biglaang pagbagsak ng katawan at pagkawalan ng malay
- maputla at tuyo ang gilagid

#### Tanong: Ano po ba ang dapat gawin sakaling makitaan ng sintomas o palatandaan ng “heat stroke” ang alagang kalabaw?

Sagot: Importanteng isagawa ang mga sumusunod:

- kapain ang singit ng kalabaw upang matiyak kung mainit ito o kung maaari ay kunan ng “rectal temperature” (ito ay ang temperatura sa loob ng “pwet” ng kalabaw o ano mang hayop).
- Ang pagkakaroon ng temperatura na umaabot hanggang 40.5 °C sa may mga gulang nang kalabaw (adult) ay maaaring isa sa mga dahilan ng pagdanas ng “heat stroke”.

*Normal Rectal Temperature:*

*Adult: 38 °C to 39.5 °C*

*Calf: 38.5 °C to 40 °C*

- ilagay o i-puwesto ang kalabaw sa malamig na lugar at paliguan ito. Siguraduhin din na ang tubig ay direktang lumalapat sa balat ng kalabaw at hindi lamang basta nababasa
- kailangan ding lubusang nababasa ng tubig ang tiyan pati na ang mga binti ng kalabaw
- basain at paagusan din ng malamig na tubig ang dila ng kalabaw
- maaari ring kuhanan ulit ng “rectal temperature” matapos gawin ang mga sumusunod upang malaman kung maaari nang itigil ang pagpapalamig sa katawan ng hayop. Ang ligtas na temperatura ay nasa 39.4 °C; at
- sakaling ang temperatura ng kalabaw ay bumaba na, mangyari na agad kumonsulta sa beteryaryo upang malaman ang kundisyon ng alagang hayop.

#### Tanong: Kung sakali bang malunasan na ang “heat stroke” sa kalabaw, ano ang dapat gawin para hindi na ito maulit pa?

Sagot: Dapat isagawa ang mga sumusunod na gawain:

- panatilihin nakasilong ang alagang kalabaw bago ito iwanan
- iwasang itali sa lugar na kung saan mainit ang sikat ng araw

#### Tanong: Maliban sa mga nasabing impormasyon tungkol sa “heat stroke”, ano pa ang maaari o dapat tandaan upang maagapan na maranasan ito ng kalabaw?

Sagot: Sa oras na makitaan ng palatandaan ang kalabaw na nakakaranas na ito ng “heat stroke”, importante na pagtuunan ito agad ng pansin upang maiwasan ang paglala ng kundisyon ng kalabaw na maaari nitong ikamatay.

#### Tanong: Paano maiiwasan ang “heatstroke” sa kalabaw?

Sagot: Maaaring gawin ang mga sumusunod upang maiwasan ang “heatstroke”:

- iwasang isuga sa mainit na lugar ang mga kalabaw sa pagitan ng ika-sampu (10:00) ng umaga hanggang ika-dalawa (2:00) ng hapon. Isilong sa malamig na lugar ang kalabaw sa naturang mga oras.
- siguraduhing may sapat na suplay ng malinis na inuming tubig ang mga kalabaw
- paliguan ang mga kalabaw isa hanggang dalawang beses o higit pa kung mainit ang panahon
- mas makakabuti na isagawa ang *pure-confinement* at *cut-and-carry system* ng pagpapakain upang maiwasan ang pagsusuga ng kalabaw at makaiwas din sa iba pang sakit.

## Fixed-time AI technology, ginagamit na ng PCC sa NIZ

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Ginagamit na ng Philippine Carabao Center (PCC) sa mga kalabaw sa National Impact Zone (NIZ) ang teknolohiyang *Fixed Time Artificial Insemination (FTAI)* sa pangunguna ng **Reprobiotechnology Unit at Dairy Herd Improvement Program (DHIP) unit.**

Ang *FTAI* ay isang kilala nang teknolohiya na ginagamit upang maitaas ang *efficiency rate* ng tradisyunal na teknolohiya sa *artificial insemination (AI)*. Gumagamit ito ng mga *hormones* na itinuturok sa kalabaw upang ang hayop ay maglandi at maserbisyuhan ng AI sa takdang panahon.

Sa pamamagitan nito, hindi na kinakailangang hintayin na kusang maglandi ang kalabaw.

Ayon kay Dr. Eufrocina Atabay, *head* ng Reprobiotechnology unit, ang *FTAI* ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtuturok ng *gonadotropin-releasing hormone (GnRH)* sa pagsisimula ng *estrous cycle* ng kalabaw para gumana ang pinaka-dominanteng *follicle* na mayroon ang hayop sa obaryo nito.

“Sa pagsasagawa nito, isang bagong *follicular wave* ang lilitaw, mag-*mamature* at *ma-dedevelop* sa obaryo ng kalabaw,” sabi ni Dr. Atabay.

Ayon sa kanya, pitong araw matapos ang pagtuturok ng *GnRH*, kinakailangan turukan ng *prostaglandin* ang kalabaw. Ito’y isinasagawa upang umurong ang *corpus luteum* ng kalabaw at mapilitang ito’y maglandi, dagdag niya.

“Sa ika-siyam na araw naman, kailangang turukan ng ikalawang *dosage* ng *GnRH* ang kalabaw at sa ika 14 hanggang 15 oras at 24 hanggang 32 oras ay dapat serbisyuhan ito ng AI,” sabi ni Dr. Atabay.

Ang *FTAI*, paliwanag niya, ay ginagamitan rin ng *ultrasonography* para mamonitor ang progreso, paglaki at development ng *follicles* ng kalabaw

sa obaryo nito. Isinasagawa ito sa mga kalabaw na mahirap mabuntis gamit ang tradisyunal na AI, dagdag niya.

Sa kasalukuyan, may limang kooperatiba na napagsagawaan ng Reprobiotechnology Unit at DHIP ng teknolohiyang *FTAI* sa NIZ. Ang iba pang kooperatiba sa Nueva Ecija ay lilibutin para pagsagawaan ng *FTAI* ngayong taon.

Naisagawa ang paggamit ng teknolohiya sa PCC Gene Pool at sa PCC sa Cagayan State University (PCC at CSU) at nakaplano na ring gamitin ito sa iba pang mga *regional centers* ng PCC sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Bilang pag-alam naman sa kasalukuyang estado ng pagsasagawa ng teknolohiya sa NIZ, inilahad ng mga tauhan sa Reprobiotechnology Unit na kasalukuyan ngayong naghihintay sila ng resulta kung may mga nabuntis nang kalabaw na ginamitan ng *FTAI technology*. Anila, may ilan na rin naman silang nasuring kalabaw na positibong buntis dahil sa *FTAI*. Gayunman, kakalapan pa nila ang ibang mga data na makukuha pagkatapos ng pagsasagawa ng *pregnancy diagnosis* sa iba pang mga kalabaw na ginamitan nila ng teknolohiya.

Ang *FTAI technology*, ayon naman kay Excel Rio S. Maylem, isa sa mga kawani ng PCC sa Reprobiotechnology Unit nito, ay mabisa rin sa pagproprograma ng *breeding program* para sa kalabaw.

Sa pamamagitan nito, dagdag niya, ay maaaring makasigurado na may mga bulong ipangananak at may palagiang suplay ng gatas sa panahong mababa ang koleksiyon nito.

Inaasahan na ang teknolohiyang ito ay magbubunga ng higit pang kapakinabangan na lubha namang makatutulong sa mga magsasaka sa iba’t-ibang kaparaanan.

(*May karagdagang ulat mula kina Ma. Cecilia C. Irang at Almira P. Bentadan*)

## Mga magsasakang-maggagatas... (mula sa p.1)

natanggap,” ani Tallar matapos na abutin ang natamong gantimpala.

Si Alfonso, na miyembro naman ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa San Jose City, ay itinanghal bilang ‘Best Dairy Buffalo Farmer’ sa kategoryang *semi-commercial operation*. Siya’y pinarangalan dahil sa patuloy na pagsisikap na paramihin pa ang kanyang mga alagang kalabaw na ngayon ay umaabot na sa 42 kalabaw.

Katuwang ang asawang si Julieta at anak na si Herson, hindi na bago kay Alfonso ang pagtanggap ng parangal dahil sa pag-aalaga ng mga gatasang-kalabaw. Siya rin ang nagwagi nang nakaraang taon sa ilalim ng katulad na kategorya.

Sa hanay naman ng mga kooperatiba sa

buong bansa, ang pinarangalan bilang ‘Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative’ ay ang EPMPC pa rin. Ang kooperatiba ay siya ring tinanghal na ‘best cooperative’ ng PCC noong 2014.

Pinarangalan ang EPMPC dahil sa pagtatala nito ng may pinakamaraming produksiyon ng gatas ng kalabaw at kita noong nakaraang taon. Umabot sa 12,032.13 litro ang naging produksiyon ng nasabing koopeatiba na ang naging katumbas na halaga ay Php271, 538.1.

Binigyang-parangal din ang Department of Trade and Industry (DTI) at Department of Agrarian Reform (DAR). Sila ay pinagkalooban ng *special award* bilang *agency-partners* o mga ‘secondary

(*sundan sa p.3*)

## Mga isyu, problema... (mula sa p.1)



Si Sec. Proceso J. Alcalá (kanan), habang pinupulong ang mga magsasakang-maggagatas ng NIZ ukol sa mga isyu at problemang kinakaharap ng mga ito.

sa una niyang pakikipagharap sa mga magsasakang-maggagatas.

Kasunod nito, isinagawa ng mga opisyal ng PCC ang mga pang-unang hakbang bilang pag-alinsunod sa mga mungkahi ni Kalihim Alcalá na dapat isagawa.

“Tinalakay namin ang isang *roadmap* upang matiyak kung saan nga ba talaga ang tunguhin ng ating *dairy industry*. Pangmadalian at pangmatagalang solusyon ang aming tinipon upang iharap kay Kalihim Alcalá,” ani Dr. Peregrino Duran, Dairy Herd Improvement-Enterprise Development National Impact Zone *coordinator* ng PCC, pagkatapos ng isinagawang *stakeholders forum* ilang araw makaraan ang pagdalaw ng kalihim.

Ang pagpupulong ay dinaluhan ng 15 magsasakang-maggagatas mula sa NEFEDCCO at iba't-ibang *dairy cooperatives*, ilang mga kawani ng PCC sa pangunguna ng Acting Executive Director Dr. Arnel del Barrio, mga kawani mula sa Agribusiness and Marketing Assistance Service (AMAS), at National Dairy Authority (NDA).

Ilan sa mga pangunahing isyu at problema na inihain ng mga magsasakang-maggagatas ay ang pagbebenta ng gatas dahil sa inaasahang pagtaas ng produksiyon ng gatas ng kalabaw. Sa plano sa Nueva Ecija, ginawang *target* na makapagprodyus ng dalawang milyong litro ng gatas sa buong lalawigan sa 2016.

Ilan sa mga natukoy niyang panimulang solusyon sa mga problema at isyung iniharap sa kanya sa pagpupulong sa kanyang tanggapan ay ang mga sumusunod:

1. pagpapalabas niya ng isang *memorandum* na mag-aatas na sa lahat ng mga gaganaping pagpupulong ng DA ay kailangang gatas ng kalabaw ang ihain bilang inumin;
2. pagtulog ng AMAS sa paghahanap ng mapagbebentahan ng gatas ng kalabaw;
3. pag-*access* sa mga *industrial buyer* kasunod ng maayos na ground work upang magkaroon ng regular na mapagbebentahan ng gatas ng kalabaw;
4. dahil sa pagiging mahal na presyo ng gatas ng kalabaw sa *milk feeding program* ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na ang *budget*

lamang ay P13 para sa isang bata sa isang araw, kailangang gumawa ng pag-aaral kung paano bababa ang presyo nito sa pamamagitan ng paghahalo sa gatas ng iba pang masustansiyang produkto tulad ng gata ng niyog o di kaya'y *soya bean*;

5. pagtutuo ng higit na pansin sa mga produktong mabenta at malaki ang kita upang lalong dumami ang produksyon nito at;

6. paghahanap ng paraan upang magkaroon ng mas maraming *baling machine* para sa pag-iimbak ng dayami para matugunan ang isyu sa kakulangan ng pakain sa kalabaw.

Ang kawalan ng *access* sa mga oportunidad upang makakuha ng dagdag na puhunan ang mga maggagatas ay tinukoy ding isang malaking problema. Ito, anya, ay bibigyang-katugunan din.

Samantala, makikipagtulungan naman ang NDA sa pagtiyak kung anong mga kagamitan sa paggatas ang maaari nitong ipahiram sa mga magsasakang-maggagatas tulad ng *homogenizer* na may kapasidad na 300 litro kada oras.

Napili sina Nieves Capan ng Nag-iisang Masikap Producers Cooperative, Melchor Correa ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative at Gerry delos Santos ng NEFEDCCO bilang mga kinatawan ng grupo ng mga maggagatas sa tuluyang pagtalakay at paghahanap ng mga solusyon sa problema sa industriyang may kinalaman sa kalabaw.

Pumili rin si Kalihim Alcalá ng mga kinatawan mula sa DA, AMAS, NDA at *office of the Secretary* upang ganap na mai-ayos ang mga ulat at magkaroon ng konkretong proposal.

“Kung mayroon tayong focus at alam natin ang target natin, mas gaganahan ang mga magsasakang-maggagatas dahil may solusyon na sa kani-kanilang problema,” ani Kalihim Alcalá.

Napagkasunduan sa nasabing pagpupulong na magsagawa pa ng mga *workshop* na kasangkot ang mga *stakeholders*, mga kinatawan ng Kagawaran ng Agrikultura at iba pa upang lalo pang luminaw ang mga bagay na dapat isagawa kaugnay sa hinahanap na mga katugunan sa mga isyu at problema ng mga magsasakang-maggagatas at industriya ng paggagatasan.

## Target sa 2016... (mula sa p.1)

Sa pamamagitan ng kasunduan, napagbuklod ang mga kinauukulan sa lubos na pagkakaisa at pagtutulungan upang matamo ang *target* na produksiyon.

Layunin sa pagtatamo ng *target* na produksiyon na gawin ang Nueva Ecija na sentro ng gatasang kalabaw sa Pilipinas.

Ayon kay Dr. Peregrino Duran, Dairy Herd Improvement-Enterprise Development National Impact Zone *coordinator* ng PCC, mapatataas ang produksiyon ng gatas ng mga kalabaw kung susundin ang angkop na mga hakbangin. Kabilang sa mga ito ay tama at wastong pagpapakain at paggagatas ng dalawang beses sa isang araw. Kailangan din aniyang siguruhin ang magandang kalidad ng gatas upang umayon sa pamantayan at kumpetisyong ibinubunsod ng Association of South East Asian Nations (ASEAN) Economic Integration.

Sa ASEAN Economic Integration, magiging bukas sa kalakalan ang mga kasaping bansa ng ASEAN na kinabibilangan ng Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Philippines, Singapore, Thailand at Vietnam. Dahil dito, lubhang kinakailangan na maitaas ang kalidad at produksiyon ng mga produkto na tulad ng aning gatas ng kalabaw para mas maihanda at mapasigla ang pagnenegosyong salig-sa-kalabaw.

Sa kasalukyan, ang Nueva Ecija ay mayroong mahigit na 3,000 kabuuang bilang ng may mataas na lahi ng gatasang kalabaw, sa kabuuang ito ay mayroong mga lalaking kalabaw at mga bata pa samantalang kulang-kulang 500 naman ay mga gatasan. Sa bilang din na ito, nakapagtala ng may pinakamataas na produksiyon ng gatas ng kalabaw noong 2014 sa lalawigan na umabot ng halos 520,000 litro.

Ang mga ipinagkaloob na kalabaw ng pamahalaan ang siyang nagsilbing pangganyak sa iba pang mga magsasakang may-ari ng mga *mestiza* at katutubong kalabaw, namumuhunan, at iba pang may kakayahang tumulong para maabot ang

produksiyong na dalawang milyong litro ng gatas ng kalabaw.

“Noong kinwenta namin ang produksiyon ng gatas dito sa Nueva Ecija kasama ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), lumalabas na may naitalang kalahating milyon na gatas na naprodyus. Ito ‘yong recorded, paano pa ‘yong mga hindi namin na-*capture* na gumagatas, tulad ng *mestiza*, *native* na hindi namin nakukuha ‘yong data? Kaya baka magkaroon tayo ng dalawang milyong litro ng gatas sa 2016. Kung idadagdag ‘yong mga hindi namin na-*capture* ay umaabot na nang mahigit kumulang 1.3 milyon litro ng gatas ang mayroon dito sa Nueva Ecija,” paliwanag ni Dr. Duran.

“Ang dapat lang gawin ay kailangang mag-usap-usap ‘yong mga *stakeholder* na masiguro ring may pagbebentahan ng gatas. Kailangan ang pagtutulungan ng mga magsasakang-maggagatas, *processors*, *private individuals* na mahilig sa negosyo, at LGU para makamit ito. Hindi dapat na makuntento sa dami lamang ng produksiyon ng gatas. Dapat ding ma-*improve* pa natin ang kalidad nito,” dagdag pa niya.

Kaugnay ng layunin ng kampanya sa pagtataas ng dami ng maaaning gatas, ay kailangan ding maiayos pa ang mga negosyong salig-sa-kalabaw at matulongang mapataas ang kita ng mga magsasakang-maggagatas, anya pa.

“Sa *value chain analysis*, tinitingnan dito ang mga gawain mula sa produksiyon, pagpoproseso at pagbebenta. Ngayon ay nag-uusap-usap na ‘yong mga *stakeholders* para mailagay sa ayos ang *value chain*,” ani Dr. Duran.

Isinasagawa sa kasalukuyan ang pagtatala ng produksiyon ng gatas ng iba't-ibang kooperatiba sa NIZ at iba pang mga sangkot sa paggagatasan. Bukod dito, itinatala na rin ang produksiyon ng gatas mula sa mga *mestiza* at katutubong kalabaw na nasa kamay ng mga magsasakang hindi kasapi sa kooperatiba.

## Mga magsasakang-maggagatas... (mula sa p.2)

stakeholder champion’ dahil sa patuloy na suportang ibinibigay nila sa programa ng PCC na mapaunlad ang industriya ng paggagatasan sa lalawigan ng Nueva Ecija.

Ang kalabaw naman na pagmamay-ari ni Carlito Alfonso ay itinanghal na ‘Best Senior Dairy Cow’ sa kategoryang *cooperative/dairy farmer herd* at ‘Best Junior Dairy Cow’ sa kategoryang *institutional herd* ang katangi-tanging kalabaw mula sa PCC National Gene Pool. Sila’y tinanghal na mahuhusay na kalabaw dahil sa pagtatala nila ng mahusay na “performance” sa pagbibigay ng maraming gatas at dahil din sa kanilang magandang pangangatawan.

Tinanghal naman na ‘Best Senior Dairy Cow’ ang kalabaw na mula sa PCC sa Visayas State University (PCC sa VSU); at bilang ‘Best Senior Crossbred Dairy Cow’ at ‘Best Junior Crossbred Dairy Cow’ ang mga kalabaw ng pagmamay-ari ni Roberto Garbino mula sa Calinog, Ilo-Ilo.

Binigyang parangal din sina Hilarion Marasigan na mula sa Rosario, Batangas bilang ‘Outstanding Dairy Buffalo Farmer’ sa kategoryang *small-hold operation* at Eduardo Dela Cruz Jr. na mula sa San Miguel, Bulacan bilang ‘outstanding villaged-based artificial insemination technician (VBAIT)’.

# Lubos na pagkakaisa, susi sa tagumpay ng NEFEDCCO

Ni Reden C. Reyes



Si Gerardo F. delos Santos (2<sup>nd</sup> row, ika-apat mula sa kanan) kasama ang ilan sa mga miyembro, kawani at mga nagpoproseso ng mga produktong mula sa gatas ng kalabaw sa San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija. Sila ay ilan sa mga bumubuo sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa nasabing probinsiya.

## Lubos na pagkakaisa.

Ito, ayon kay Gerardo F. delos Santos o Mang Gerry, pangulo ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), ang sikreto sa tuluy-tuloy na pag-asenso ng nag-iisang pederasyon ng mga kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas sa buong bansa.

“Sa pagkakaisa at pagtutulungan, sama-sama naming hinaharap ang bawat pagsubok na aming pinagdaraan,” ani Mang Gerry.

Nagsimula ang NEFEDCCO noong Enero 22, 2002 na may siyam na kasaping magsasakang-kooperatiba. Ang mga kooperatibang ito ay siyang mga unang kooperatibang pinagkalooban ng Philippine Carabao Center (PCC) ng mga

pahiram na gatasang kalabaw. Ngayon ay 55 na ang mga aktibong kooperatibang kasapi ng NEFEDCCO.

Pangunahing layunin ng kooperatiba na matugunan ang pagmemerkado sa mga aning gatas ng mga miyembro nito. Binibili ng NEFEDCCO ang mga aning gatas mula sa magsasakang-maggagatas at pinoproseso at ipinagbibili ito sa anyong iba’t-ibang produkto.

Ilan sa mga produktong gatas na pinoproseso ng kooperatiba ay “flavored milk drinks” (*banana, strawberry, choco*), *pastillas (pastillas de leche, plain pastillas at ube pastillas)*, mga keso (*quickmelt white cheese, paneer at kesong puti*), *yogurt drinks, leche flan at ice cream*.

Sa taong 2016, hangarin ng NEFEDCCO na maging pangunahing organisasyon

na nagpoproseso at nagbebeenta ng mga produktong gatas sa Pilipinas.

Sa pagdiriwang ng ika-13 taong pagkakatatag kamakailan, ginanap ang taunang *general assembly* na dinaluhan ng mga miyembro ng mga kasaping organisasyon at mga opisyal ng gobyerno na matagal ng kaagapay ng organisasyon sa pagtatamo nito ng tagumpay.

“Thirteen years old na... teenager na,” pabirong mensahe ni

Peregrino Duran, hepe ng Dairy Herd Improvement Program – Enterprise Development National Impact Zone sa ginawang general assembly. “Kung sa tao, handa na para sa mas maraming oportunidad,” dagdag niya.

Sa nasabing pagdiriwang, pinarangalan ang lima sa mga magsasakang-kooperatibang nanguna sa paglalako ng gatas noong 2014. Nanguna sa pagtatamo ng parangal ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative na may naibentang 44,052.10 litrong gatas, sumunod ang Pulong-Buli Primary Multi-purpose Cooperative na may 24,986.14 litrong gatas, at pumangatlo ang Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera PMPC na nakapagbenta ng 20,306.90 litrong gatas.

Pinarangalan din bilang pang-apat sa dami ng naibentang gatas ang Casile Dairy Cooperative (6,135.65 litro) at pumanglima ang San Vicente Dairy Producers Cooperative (15,189.30 litro).

“Napakalaki ng naging tulong ng PCC sa NEFEDCCO,” sabi ni Mang Gerry. “Sa

simula pa lamang hanggang ngayon ay lagi itong nandiyan para tumulong sa amin,” dagdag niya.

Kanyang idinagdag ang walang sawang pagtulong din sa NEFEDCCO ng Department of Trade and Industry (DTI), Department of Agrarian Reform (DAR), Korean International Cooperation Agency (KOICA) at mga Local Government Units (LGUs) ng Nueva Ecija.

Sinabi ni Mang Gerry na sa tulong ng mga ahensiyang ito ay nakapagpundar na ang pederasyon ng sariling *processing plant*. Nakabili na rin sila, anya, ng mga gamit sa pag-imbak tulad ng *freezer, holding tank at cooling tank* at mayroon na rin silang mga sasakyan at gamit sa laboratoryo.

Dahil lumalaki na, anya pa, ang produksyon ng NEFEDCCO, hindi na lamang sa Nueva Ecija ang kanilang merkado. Mayroon na ring nagbebeenta ng kanilang mga produkto sa Batangas, Bulacan, Pangasinan, Cagayan, Makati City at Quezon City.

Ngunit hindi naging madali, ani Mang Gerry, ang paglalakbay para sa NEFEDCCO. Tulad ng lahat ng organisasyon, nagdaan din sa paghihirap at dumanas din ng maraming problema.

“May matinding kakulangan noon sa kagamitan ang ating pederasyon lalo na sa pag-iimbak ng mga gatas na dinadala ng mga kasaping kooperatiba,” ani Mang Gerry. “Pero salamat at tumulong agad ang PCC. Nagpresenta ito na buksan ang kanilang planta para sa mga sobrang gatas na hindi na kayang iimbak ng pederasyon,” dagdag niya.

Ang istorya ng NEFEDCCO ay isa lamang sa magagandang bunga sa magandang benepisyo ng pag-aalaga ng kalabaw. Isang matibay na pruwera na sa gatasang kalabaw, kasagana’y apaw.

## NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,  
isang ahensiyang nasa ilalim ng  
Kagawaran ng Agrikultura

**Eric P. Palacpac**  
Patnugot

**Chrissalyn L. Marcelo**  
Tagapamahalang patnugot

**Khrizie Evert M. Padre**  
Katulong na Patnugot

**Ma. Cecilia C. Irang**  
**Chrissalyn L. Marcelo**  
**Reden C. Reyes**  
Mga manunulat

**Anselmo S. Roque**  
Kasangguni

**Eric P. Palacpac**  
Hepe, Knowledge Management Division

**Arnel N. Del Barrio**  
Pinunong Tagapagpaganap

**Cyril Baltazar**  
**Jenny Lyn C. Quimpo**  
Nag-ambag ng artikulo

**Ma. Cecilia C. Irang**  
**Reden C. Reyes**  
Layout at Disenyo

**Ma. Cecilia C. Irang**  
**Marilou A. Vallarta**  
Tagapamahala sa Sirkulasyon

### PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN LAMANG SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone Number
Dr. Peregrino G. Duran	Team leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concern)	0917-566-3278
Dr. Lester S. Verona	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0929-865-7893
Dr. Cyril P. Baltazar		0917-517-3843
Mr. Genaro Candelaria	Livestock Specialist	0922-363-0943
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Ms. Wilma T. Del Rosario	Cooperative Management and Monitoring	0922-875-4250
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0943-642-7573
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785
Mr. Jerrone D. Paray	Forage Specialist	0935-190-0791



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

[www.pcc.gov.ph](http://www.pcc.gov.ph)

